Toyama Shimotsuki Festival

Delightful festivals

Mga Pagdiriwang Sa Lunsod Ng Iida

Ang lunsod ng Iida na matatagpuan sa rehiyon ng "Minami Shinshuu" ay maraming tinataglay na mga natitirang mga makalumang pagdiriwang na kung tawagin ay "Kayamanan Ng Kgtutubong Sining".

Ang "Shimo Tsuki Kagura" bilang pagganap ng panalangin para sa ikapagpapabalik ng buong sigla at lakas ng buhay ay ipinagdiriwang sa buwang pinakamalamig (Disyembre-Enero) ng buong taon sa panahon ng Taglamig. Mayroon din namang mga pagdiriwang na mahigit walong daang taon (800) nang idinaraos tulad ng "Shimo Tsuki Matsuri" sa pook ng Tooyama, ang "Fuyu Matsuri" ng Sakabe, gayon din ang mga pagdiriwang sa lunsod ng Iida at sa nayon ng Tenriyuu.

Ang kapistahan ng Shinto at Budismo maging ang pagdaraos ng pagsundo sa mga kaluluwa ng mga ninuno ay ginaganap sa “Obon" ng buwang Agosto, ang panahon ng Tag-araw. Isa sa mga kilala ay ang "Bon Odori" ng pook Niino sa bayan ng Anan.

Ang mga makalumang pagdiriwang tulad ng mga ito ay idinaraos sa pook ng mga matatarik na bundok. Ang mga ito ay sumusuporta sa mga dalangin at masidhing pananalig ng mga taong nabubuhay sa gitna ng mahigpit na kalikasan.

At kung ang panahon naman ng salinlahing "Edo" ang pag-uusapan, ang "Ningyou Shibai" at "Kabuki" ay ginanap sa panahong yaon at ang mga palabas na ito ay naging mga palatuntunang idinaraos sa mga pampurok na pagdiriwang. Ang mga tao ay pinalalaya ng mga pagdiriwang na ito sa kanilang mga pangkaraniwang mga gawain sa araw-araw na pamumuhay at naging mga pagkakataong nagbibigay bagong buhay o lakas sa kanila.

Sa panahon naman ng salinlahing "Meiji", ang kapistahan ng "Shishimai" ay naging tanyag.Ang mayaman sa katangiang "Shishimai" ay dinadala at pinag-aalay sa iba’ t-ibang banal na lugar na kung tawagin ay "Jinja" at ito ay minanang pagdiriwang hanggang sa kasalukuyan.

Ang pinakamalaking pagdiriwang sa rehiyong ito na kung tawagin ay "Oneri Matsuri" ay idinaraos tuwing ika-anim na taon. Ang isang prusisiyon ng mga gumaganap bilang samurai ng salinlahing Edo na naglalarawan ng "Daimyou Gyouretsu" at ang pagtatanghal ng napakalaking "Shishimai" na ang sukat ay higit sa dalawampung (20) metro ay ginaganap sa gitnang bahagi ng lunsod ng Iida.

Tokimata Floating Lantern Festival

Philippines (Tagalog)